IslamHouse.com

Osoul Center
www.osoulcenter.com

PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

# ANG ISLAM… BAKIT?




Ang May-akda
**Abdul Rahman Abdul Karim Al-Sheha**

Isinalin sa Wikang Filipino (Tagalog) ni
**Mohammad Taha Ali**

PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيـــــني

# الإسلام... لماذا؟

تأليف
عبدالرحمن بن عبدالكريم الشيحة
ترجمة
محمد طه علي

ⓒ جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالربوة، ١٤٤٣هـ

**فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر**

الشيحة، عبدالرحمن بن عبدالكريم

الإسلام... ولماذا؟. اللغة الفلبينية . / عبدالرحمن بن عبدالكريم الشيحة؛ محمد طه علي. -

الرياض، ١٤٤٣هـ

٤٨ ص، ١٢ سم x ١٦,٥ سم

ردمك : ٩٧٨-٦٠٣-٨٣٥٢-٠٧-٦

١- الاسلام أ. علي، محمد طه (مترجم) ب. العنوان

**ديوي ٢١٠ ١٤٤٣/٢٠٤١**

**رقم الايداع: ١٤٤٣/٢٠٤١**

**ردمك : ٩٧٨-٦٠٣-٨٣٥٢-٠٧-٦**

مركز أصول
OsoulCenter
www.osoulcenter.com

This book has been conceived, prepared and designed by the Osool International Centre. All photos used in the book belong to the Osool Centre. The Centre hereby permits all Sunni Muslims to reprint and publish the book in any method and format on condition that 1) acknowledgement of the Osool Centre is clearly stated on all editions; and 2) no alteration or amendment of the text is introduced without reference to the Osool Centre. In the case of reprinting this book, the Centre strongly recommends maintaining high quality.

+966 11 445 4900

+966 11 497 0126

P.O.BOX 29465 Riyadh 11457

osoul@rabwah.sa

www.osoulcenter.com

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa Ngalan ng Allah
Ang Mahabagin,
Ang Maawain



# ANG ISLAM….BAKIT?

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang. Nawa'y ang pagpapala at kapayapayaan ay maitampok sa Propeta nating si Muhammad ﷺ, sa kanyang mag-anak, sa kanyang mga kasamahan at sa lahat ng kanyang mga tagasunod.

Ang paksa sa munting lathalain na ito ay ang pagbibigay paliwanag tungkol sa kahuli-hulihang ibinaba na pangkalangitang relihiyon. Sa pamamagitan nito binuo ng Allah ang relihiyon ni Moises at Hesus - Sumakanila nawa ang kapayapaan - kaya dahil dito, pinawalan ng bisa at winakasan na ng Allah ang mga nauna pa ritong relihiyon. Relihiyon na ang yumayakap dito sa pangkalahatang antas ay hindi humigit at kumulang ng milyun-milyong tao ayon sa pinakahuling pagsusuri. Relihiyon na nag-uunahan ang mga tao sa pagyakap dito sa kabila ng kahinaan ng mga suporta nito, maging pangmateryal o pantao. Ang sinumang tumalima at tumanggap nito ay mahirap nang tumiwalag pa mula rito.

## ANO ANG ISLAM?

Ang Islam ay ang pagsuko sa Allah at pagpapasailalim sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya, at pagtalikod o pagtakwil sa Shirk (Pagtatambal sa Kaisahan ng Allah).

### Islam…Relihiyon na Madali at Maluwag.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{…Nais ng Allah para sa inyo ang madali at hindi Niya nais ang pagpapahirap sa inyo…}.*** Qur'an 2:185

### Islam… Relihiyon ng Katiwasayan at Kapanatagan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Sila yaong nagsisampalataya [sa Allah], at nakakadama ng kapanatagan sa kanilang mga puso dahil sa paggunita sa Allah. Tandaan! Sa pamamagitan ng paggunita sa Allah ay nakakadama ng kapanatagan ang mga puso}.*** Qur'an 13:28

### Islam… Relihiyon ng Pagkahabag at Pagkaawa.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Ang mga mahahabagin ay kinahahabagan ng Pinakamahahabagin. Kaya kahabagan ninyo ang sinumang nasa lupa at kahahabagan din kayo ng sinumang nasa langit."*** Sunan At-Tirmidhi

### Islam… Relihiyon ng Pagmamahal at Paghahangad ng Kabutihan sa Sangkatauhan.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Ang pinakamamahal ng Allah sa sangkatauhan ay yaong nakakapagdulot sa kanila ng kabutihan sa sangkatauhan..."*** Al-Mu`jam As-Saghir

### Islam… Maliwanag na Relihiyon at Walang Pag-aalinlangan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At wala Kaming ipinadalang Sugo na nauna sa iyo [O Muhammad] kundi mga kalalakihan, Kami ay nagpapahayag sa kanila ng inspirasyon. Kaya magtanong kayo sa mga may alam kung [ano ang] hindi ninyo alam}.*** Qur'an 16:43

## Islam... Relihiyon ng Ganap na Pagkakapantay-pantay sa pagitan ng lahat ng tao, at pagkahigit ng ilan sa kanila sa iba dahil sa kabanalan.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Ang sangkatauhan ay pantay-pantay katulad ng mga ngipin ng isang suklay, walang kalamangan ang isang arabo sa hindi arabo maliban sa kabanalan."***

## Islam... Relihiyon ng Pangkalahatang Hustisya, Sumasaklaw sa Lahat Maging sa Mga Kaaway.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At huwag na huwag kayong madala ng inyong pagkapoot sa isang grupo upang di humatol ng katarungan. Humatol kayo ng katarungan, ito ang pinakamalapit sa kabanalan}.*** Qur'an 5:08

## Islam...Relihiyon ng Kalayaan sa Malawakang Pakahulugan Nito.

**Kalayaan sa Paniniwala:**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Walang sapilitan sa Relihiyon}.*** Qur'an 2:256

**Kalayaan sa Pag-iisip:**

Ang matatag na pamantayang nagtutulak sa paggawa ng kabutihan at pagkilala sa Nag-iisang Tagapaglikha.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Sabihin mo [O Muhammad]: Pagmasdan ninyo kung ano ang nasa mga kalangitan at kalupaan}.*** Qur'an 10:101

**Kalayaan sa Salita:**

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Ang pinakadakilang Jihad (Pakikipaglaban sa Landas ng Allah) ay ang pagsasabi ng katotohanan sa harap ng isang namumunong di-makatarungan."***

## Islam… Relihiyon ng Pagkakaisa at Pagkakabuklod-buklod.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At hawakan ninyo ang lubid ng Allah nang magkakasama at huwag kayong maghiwa-hiwalay…}.*** Qur'an 3:103

## Islam… Relihiyon ng Pagdadamayan sa Kabutihan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At kayo'y magtulungan sa kabutihan at kabanalan, datapuwa't huwag kayong magtulungan sa kasalanan at paglabag sa batas}.*** Qur'an 5:02

**Islam… Relihiyon ng Lahat, Samakatuwid Ito ay Paanyayang Pinaaabot sa Buong Daigdig at Hindi Lamang Nabubukod Tangi sa Iisang Nasyon.**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At hindi ka Namin isinugo [sa iisang nasyon lamang] kundi para sa lahat ng sangkatauhan, bilang tagapaghatid ng magandang balita, at tagababala. Subali't napakaraming tao ang hindi nakakaalam}.*** Qur'an 34:28

**Islam… Relihiyon ng Kaganapan, Samakatuwid Ang Mga Naunang Relihiyon ay Ginawang Ganap ng Allah sa Pamamagitan Nito at Binigyan ng Katapusan.**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Sa araw na ito ay Aking binuo para sa inyo ang inyong relihiyon at ginawang ganap ang Aking Biyaya para sa inyo at pinili ang Islam para sa inyo bilang [inyong] relihiyon}.*** Qur'an 5:03

Ito ay binubuo ng iba't ibang uri ng pagsamba sa pamamagitan ng salita, gawa at paniniwala na nagbibigay ng malaking turno sa pagkakabuo ng kahanga-hangang mga kaugalian, pagkadalisay ng mga puso at pagiging matatag nito, pagwawasto at pagtutuwid sa bawa't tao, sa pangangalaga sa pagkakaisa at pagkakabuklod-buklod ng sambayanang muslim.

# ANG MGA SALITA AT MGA GAWA NA ITINUTURING NA PAGSAMBA.

Tinatawag ito sa Arabik na "**ARKAN AL ISLAM**" [o ang Mga Haligi ng Islam].

Ito ay ang mga sumusunod:

## Shahadah [o Pagsasaksi].

Ito ay ang pagsasaksi ng ***"Laa ilaaha illallaah"*** (Walang diyos maliban sa Allah) at pagsasaksi na si Muhammad ay Kanyang alipin at sugo. Ito ang susi at daan sa pagpasok sa pananampalatayang Islam.

Ang ***"Laa ilaaha illallaah"*** ay nangangahulugan ng:

1. Walang lumikha ng lahat ng nilalang na ito maliban sa Allah.
2. Walang nagmamay-ari at nangangasiwa sa lahat ng nilalang na ito maliban sa Allah.
3. Walang sinasamba na karapat-dapat pagpapakumbabaan maliban sa Allah.

At ang kahulugan naman ng pagsasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah. Ito ay ang pagsunod sa kanya sa lahat ng kanyang ipinag-uutos, at ang pagpapatunay sa lahat ng kanyang naibalita, at ang pag-iwas sa lahat ng kanyang ipinagbabawal.

## Salah [o Pagdarasal].

Isang kaugnayan sa pagitan ng alipin at ng kanyang

Panginoon, nakakapanalangin siya rito nang taimtim at nakakapaghingi ng kapatawaran at nakakapaghiling ng tulong at kaluwagan, at ito'y sa pamamagitan ng Salah (pagdarasal) ng limang beses sa loob ng isang araw sa mga takdang oras nito. Nananatiling nakikipag-ugnayan ang isang muslim sa kanyang Tagapaglikha sa lahat ng oras nito. Ito ay isinasagawa ng mga kalalakihan sa Masjid [o Mosque] nang sama-sama maliban kung may katangap-tangap na kadahilanan. Sa pamamagitan nito, nahuhubog at tumitibay sa pagitan nila ang bigkis ng pagmamahalan at pagkakalapit ng kalooban, at sa pamamagitan din nito ay nawawasak ang pagkakaiba ng iba't ibang mga tradisyon. Sapagka't ang lahat ng mga muslim ay patayong nakahanay na magkakatabi, silang lahat ay nakaharap sa iisang dako [sa kinaroroonan ng Qiblah] at sa iisang oras, ang lahat ay pare-parehong nagpapakumbaba sa Allah at nakatayo sa Harap Niya.

## Zakah [o Pagkakawanggawa].

Ito ay isang napakaliit na porsiyento sa kayamanan, ibinibigay ng isang muslim na mayaman ayon sa mga naitakdang kondisyon bilang katungkulan at pagpapatupad sa kautusan ng Allah para sa mga kapatid niyang mahihirap at nangangailangan, ang layunin ng Islam sa pagtatakda nito ay upang bigyang buhay ang kulay ng panlipunang pagdadamayan sa pagitan ng mga

muslim, mabigyan ng lunas ang kahirapan at maagapan ang pelegrosong mga bagay-bagay na maaring magiging bunga nito. At sa pamamagitan nito nagiging dalisay ang mga puso ng mayayaman mula sa katakawan sa pera at kasakiman, at pinadadalisay nito ang mga puso ng mga mahihirap mula sa pagkapoot at pagkamuhi sa mga mayayaman. Sa tuwing sila ay nakikita nila, sila'y nangangako sa kanila na nakahandang tumustos at mag-abot ng kabutihan sa kanila.

## Sawm [o Pag-aayuno].

Isang buwan sa loob ng isang taon na pinag-aayunuhan ng mga muslim sa pamamagitan ng pagpipigil nila sa mga nakasisira nito tulad ng pagkain, inumin at pakikipagtalik sa asawa. Simula sa pagsikat ng bukang liwayway hanggang sa paglubog ng araw, at ito ay hindi isang makabagong kautusan sa Islam, bagkus ito rin ang siyang ipinag-utos ng Allah sa mga naunang pamayanan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{O kayong nanampalataya! Ipinag-utos sa inyo ang pag-aayuno katulad ng pagkakautos sa mga yaong nauna sa inyo, baka sakaling magkaroon kayo ng takot [sa Allah]}.*** Qur'an 2:183

Ang pag-aayuno ay isang masugid na pakikipagtunggali sa pagitan ng tao at ng kanyang sariling mga pithaya at layaw. Sa pamamagitan nito nadarama ng isang muslim ang mga

pangangailangan ng kanyang mga kapatid na pinagkaitan ng biyaya mula sa lipon ng mga dukha at mahirap, kaya kusa niyang ipinamamamahagi ang kanilang mga karapatan at sinusuri ang kanilang mga pangangailangan.

### Hajj [o ang paglalakbay sa Makkah na may layuning isagawa ang mga ritwal ng Hajj].

Ito ay ang paglalakbay sa sagradong Tahanan ng Allah [ang Ka'bah] upang isagawa ang mga partikular na gawain, sa partikular na mga lugar, at sa partikular na mga oras bilang pagpapatupad sa kautusan ng Allah. Isang tungkulin na ipinag-uutos sa lahat ng muslim na nasa wastong pag-iisip at gulang, na isagawa ito minsan sa tanang buhay sa kondisyong may kakayahan sa pangangatawan at yaman.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At para sa Allah tungkulin ng sangkatauhan na magsagawa ng Hajj sa Tahanan [ng Allah (ang Ka'bah)] sa sinumang may kakayahang pumarito, at ang sinumang nagtakwil [nito]. Katotohanan, ang Allah ay Malaya sa pagpapala [ng lahat] ng nilalang}.*** Qur'an 3:97

Ang Hajj ay itinuturing na isang dakilang pang-islamikong pagtitipon. Dito [sa Makkah] ay nagtitipon ang mga Muslim sa mga partikular na lugar, sa mga natatakdaang panahon, sila ay nananalangin sa Nag-iisang Panginoon, nakasuot ng iisang kasuutan, nagsasagawa ng iisang retuwal na

gawain, walang pagkaiba sa pagitan ng mayaman at mahirap, mataas at mababa, maputi at maitim, arabo at banyaga. Ang lahat ng ito'y walang iba kundi bilang isang pagpapatunay sa pagkakapatiran ng lahat ng mga Muslim.

# ANG MGA PANINIWALA NA ITINUTURING NA PAGSAMBA.

Tinatawag ito sa Arabik na "**ARKAN AL IMAN**" [o Ang Mga Haligi ng Paniniwala].

Ito ay ang mga sumusunod:

## Ang Paniniwala sa Allah:

Nararapat na paniwalaan na Siya ay umiiral, at Siya ay Nag-iisang Diyos lamang, wala Siyang katambal sa Kanyang mga Gawa, sa Kanyang pagiging Diyos at sa Kanyang mga Pangalan at mga Katangian, sa Kanya ay walang makatutulad at walang kawangis. At Siya lamang ang tanging lumikha ng lahat ng nilalang at Tagapangasiwa nito, walang bagay na maipatupad maliban kung ninais Niya ito, at wala ring magaganap maliban kung ipinagkaloob Niya ito, at walang ibang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Sabihin [O Muhammad]: Siya ang Allah ay Nag-iisa, ang Allah ang Siyang sandigan ng lahat, Siya ay hindi nagkaanak at hindi***

***ipinanganak, at sa Kanya ay walang makatutulad}.*** Qur'an 112:01-04

## Ang Paniniwala sa Mga Anghel:

Ito ay ang paniniwala na ang Allah ay mayroong napakaraming mga Anghel, walang nakakaalam sa kanilang bilang maliban sa Allah, sila ay nilikha ng Allah upang sumamba sa Kanya lamang.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Hindi kailanman ipagkakaila ni Mesias Isa [o Hesus] ang pagiging alipin ng Allah sa kanya at hindi rin [ipagkakaila] ng malalapit na mga Anghel}.*** Qur'an 4:172

Ang mga Anghel na ito ay hindi mga kawangis ng Allah at hindi rin Niya mga anak. Bagkus nilikha sila ng Allah upang ipatupad ang kanilang mga tungkulin na ipinag-utos sa kanila.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At sila ay nagsabi: "Ang Mahabaging [Allah] ay nagtalaga ng anak [na mga anghel]." Kaluwalhatian sa Kanya, bagkus sila [ang mga Anghel] ay marangal na mga alipin. Siya [ang Allah] ay hindi nila pinangungunahan sa salita, bagkus sila ay gumagawa [lamang] ayon sa Kanyang pag-uutos}.*** Qur'an 21:26-27

## Ang Paniniwala sa Mga Kasulatan:

Ito ay ang paniniwala na ang Allah ay tunay ngang

nagpadala sa Kanyang mga Sugo ng pangkalangitang mga kasulatan mula sa Kanya, upang maipahayag ang mga ito sa sangkatauhan, upang Kanyang maipaliwanag sa kanila ang mga alituntunin ng pagsamba nila sa Kanya, at sa pamamagitan nito ay maisasaayos ang mga kalagayan ng kanilang kabuhayan.

**Ang Mga Kasulatang Ito ay Ang Mga Sumusunod:**

1. **Ang Suhuf ni Ibrahim** [o Kalatas ni Abraham]
2. **Ang Tawrah ni Musa** [o ang Torah ni Moises]
3. **Ang Zabur ni Daud** [o ang Psalmo ni David]
4. **Ang Injeel ni Isa** [o ang Ebanghelyo ni Hesus]
5. **At ang Qur'an ni Muhammad ﷺ.** Ang Huli ay ipinahayag bilang kabuuang mensahe ng lahat ng mga nauna rito, kaya sa pamamagitan nito ay nawalan ng bisa ang mga naunang Kasulatan.

## Ang Paniniwala sa Mga Sugo:

Ito ay ang paniniwala na ang Allah ay pumili ng mga Sugo at Propeta mula sa Kanyang nilalang upang maihatid nila ang Batas ng Allah sa sangkatauhan nang sa gayon ay wala na silang mapanghahawakan pa na anumang katibayan o katuwiran laban sa Allah pagkaraan ng mga Sugo. At dapat ding paniwalaan na sila'y nagtataglay ng mga katangiang nakahihigit sa sangkatauhan, sila ay

hindi nagkakamali sa kanilang mga ibinabalita tungkol sa Allah. Napakarami ng mga Sugo at Propeta ng Allah, walang nakakaalam sa dami ng kanilang bilang maliban sa Allah, sila ay mga taong pinagkalooban ng Allah ng kahigtan sa pamamagitan ng Mensahe.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At wala Kaming ipinadala na Sugo na nauna sa iyo [O Muhammad] maliban na sila ay mga lalaki, [katulad mo rin sila] na Aming binibigyan ng kapahayagan. Kaya, magtanong kayo sa mga may kaalaman, kung hindi ninyo ito nalalaman}.*** Qur'an 21:07

Ang pinakauna sa kanila ay si Nuh (Noah) at ang pinakahuli sa kanila at pangwakas ay si Propeta Muhammad ﷺ.

## Ang Paniniwala sa Huling Araw:

Ito ay ang paniniwala na ang buhay sa mundong ito ay may katapusan o hangganan at malilipol ang lahat ng napaloloob dito.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Lahat ng nasa ibabaw nito (kalupaan) ay malilipol. At ang Mukha ng iyong Panginoon na tigib ng Kamahalan at Karangalan ang matitira lamang}.*** Qur'an 55:26-27

At ang kasunod nito ay ang pagkabuhay muli o ang pagbangon mula sa libingan na kung saan ay pababangunin ng Allah dito ang lahat ng mga nilalang upang sila ay idaan

sa pagsusulit at maipagkaloob sa kanila ang kabayaran ng lahat ng kanilang nagawa.

Samakatwid, pagkakalooban yaong mga taong masigasig gumawa ng kabutihan bilang katumbas ng kanilang pagiging mabuti, at ng kanilang paniniwala at pagsunod sa kanilang mga Sugo. At dito ay parurusahan ang mga makasalanan bilang kabayaran ng kanilang mga nagawang kasamaan, kawalan ng pananampalataya o kasuwailan sa kanilang mga Sugo; ng buhay na walang hanggan maging sa Paraiso man o sa Impiyerno.

## Ang Paniniwala sa Kapalaran at Tadhana:

Ito ay ang paniniwala na ang Allah ay batid Niya ang lahat ng mga bagay bago ang kaganapan nito at kung ano ang magiging katapusan nito. At tunay ngang nilikha Niya ang mga ito batay sa Kanyang walang hanggang Kaalaman, Katakdaan at Kapasiyahan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At nilikha Niya ang lahat ng bagay at Kanyang tinakdaan ito ng wastong katakdaan}.*** Qur'an 25:02

**Ang paniniwala sa kapalaran o tadhana pagkatapos na maisagawa ang mga kahilingan nito at kadahilanan ay nakapagdudulot ng mga sumusunod:**

- Kaginhawahan ng isipan at kapanatagan ng sarili, kaya walang puwang upang magkaroon pa ng kabalisaan

at kalungkutan dulot ng anumang bagay na naganap o hindi nakamit.

- Nagpapaalala tungkol sa kahalagahan ng pagsasaliksik ng kaalaman at sa pagtuklas ng mga bagay na inilagak ng Allah sa daigdig na ito. Kaya anumang mga karalitaan na itinadhana Niya na dumatal sa tao katulad ng sakit, ito ay isa ring tadhana na magtutulak sa kanya upang hanapin ang lunas na siyang papawi sa naunang tadhana. At iyon ay sa pamamagitan ng paghanap ng mga pinagkukunan ng mga gamot mula sa mga nilikha ng Allah sa daigdig na ito.
- Pagkakaugnay ng puso't diwa sa Allah at pagkawala ng takot sa anumang kapinsalaang naidudulot ng tao.

Ang Propeta [Muhammad ﷺ] ay nagsabi: ***"At dapat mong malaman na tunay ngang kahit pa ang [lahat ng] mamamayan ay nagkaisa upang sa iyo ay magdulot ng anumang kapakinabangan, sila ay hindi makapagdudulot sa iyo ng kapakinabangan maliban sa isang bagay na naitakda na ng Allah para sa iyo. At kung sila man ay nagkaisa upang sa iyo ay magdulot ng anumang kapinsalaan, sila ay hindi makapagdudulot ng kapinsalaan sa iyo maliban sa isang bagay na itinakda na ng Allah para sa iyo. Ang mga panulat ay naiangat na at ang (tintang isinulat sa) mga aklat ay natuyo na."*** Sunan At-Tirmidhi - Hadith Bilang. [2516]

# ANG MGA SIMULAING HALIGI NG PANANAMPALATAYANG ISLAM.

Ang mga simulaing haligi ng Islam ay ang pangangalaga sa buhay ng may buhay [maliban sa karapatan ng Islam], ng dangal, ari-arian, isipan at salinlahi.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"At tunay na ipinagbabawal ng Allah sa inyo ang dugo ng isa't isa, mga ari-arian at ang inyong mga dangal katulad ng pagkakabawal sa araw ninyong ito, sa buwan ninyong ito, at sa bansa ninyong ito."*** Al-Bukhari - Hadith Bilang: [5696]

At sinabi pa ng Sugo: ***"Nais ba ninyong ipabatid ko sa inyo ang tungkol sa isang mananampalataya, siya yaong ipinagkakatiwala sa kanya ng mga tao ang kanilang mga ari-arian at buhay. Samantalang ang isang muslim ay yaong ligtas ang mga tao sa kamandag ng kanyang dila at kamay. At ang Mujahid naman ay yaong nakikibaka sa pakikipagtungali sa kanyang sarili sa pagsunod sa Allah. At ang tunay na lumikas ay yaong lumalayo sa mga kasalanan at pagkakasala."*** Sahih ibn Hibban - Hadith Bilang: [4862]

## ANG MGA KAASALAN SA ISLAM

**Ang Islam ay nagbabawal sa lahat ng mahahalay na salita at gawa.**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Sabihin mo: Tunay na ang tanging ipinagbawal ng aking Panginoon ay ang mga kahalayan, ang nakalantad dito at nakatago, at ang makasalanan, at ang pagmamalabis nang di-makatuwiran, at ang pagtatambal ninyo sa Allah na hindi Niya binabaan ng anumang katibayang nauukol dito at ang pagsasalita ninyo laban sa Allah ng mga bagay na di ninyo nalalaman}.*** Qur'an 7:33

**Samakatwid, ipinag-uutos nito ang lahat ng magandang kaugalian at hindi lamang iyon kundi ipinag-aanyaya rin ito.**

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Ako'y isinugo upang tupdin [o ganapin] ang mga kabutihang-asal."*** Al-Mustadrak alas Sahihain - Hadith Bilang. [4221]

## ANG MGA KARAPATAN SA ISLAM

Ang Islam ay nagtalaga ng mga karapatan at tungkulin sa mga tagasunod nito, ang bawa't isa ay naaayon sa kinalalagyang antas nito. Samakatuwid ang dalawang magulang ay may mga karapatan, at ang mag-asawa ay may kanya-kanyang mga karapatan sa bawa't isa, at ang mga anak ay may mga karapatan, at ang mga kapitbahay ay mayroon ding mga karapatan…atbp. Ang nilalayon sa likod nito ay ang pagkakabuklod-buklod at pagdadamayan ng mga taong bayan sa islamikong pamayanan, at ang

pangangalaga sa pagkakawatak-watak at pagkakahiwalay, at ang pagpapalaganap sa diwa ng pagmamahal at pagkakalapit ng mga kalooban sa isa't isa.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At sambahin ninyo ang Allah at huwag kayo magbigay ng katambal sa Kanya ng anupaman, at maging mabuti [kayo] sa dalawang magulang (sa salita at gawa), at sa mga malapit na kamag-anak, at sa mga ulila, at sa mga mahihirap, at sa mga kapitbahay na kamag-anak, at sa mga kapitbahay na hindi kamag-anak, at sa mga kaibigan sa paglalakbay [o asawa] at sa naglalakbay na kinapos ng panustos sa daan, at sa mga nasa ilalim ng inyong mga kamay (mga alipin). Katotohanan, ang Allah ay hindi nagmamahal sa sinumang naging mapagmataas na mayabang}.*** Qur'an 4:36

## MAGING ANG MGA DAANAN AY MAYROON DING MGA KARAPATAN.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Kaingat! Huwag na huwag kayong magtambay sa mga daanan." Sila [ang kanyang mga kasamahan] ay nagsabi: O Sugo ng Allah, hindi po kami makaiiwas sa mga tambayan namin na kung saan ay doon lamang kami nakakapag-usap-usap. Siya ay nagsabi: "At kung kayo ay tumatanggi maliban sa pagtatambay. Magkagayon, ibigay ninyo sa daanan ang karapatan nito." Kanilang sinabi: At ano po ang karapatan ng daanan O Sugo ng Allah? Siya ay nagsabi: "Pangalagaan ang***

***paningin at pigilang makapinsala, at tugunan ang bumati ng Salam at ipag-utos ang kabutihan at ipagbawal ang kasamaan."*** Al-Bukhari - Hadith Bilang: [5875]

Bagkus, maging ang mga hayop ay mayroon ding mga karapatan. Ang kabaitan at pangangalaga sa mga ito ay isa sa mga kadahilanan ng pagtamo sa kapatawaran ng mga kasalanan.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Habang ang isang lalaki ay naglalakad, siya ay nakaramdam ng matimding pagka-uhaw. Datapuwa't agad naman siyang nakatagpo ng balon, kaya't siya ay lumusong dito at uminom, at pagkatapos ay umahon. Nang biglang sumulpot ang isang asong naghihingal, kumakain ng halumigmig sa lupa dahil sa pagka-uhaw. At kanyang nasabi: Tunay na inabot ng asong ito ang matinding pagka-uhaw na tulad ng aking inabot. Kaya lumusong siya ulit sa balon at pinuno ng tubig ang kanyang sapatos at agad niyang pinainom ang aso. Kaya ang Allah ay nagpasalamat sa kanya at pinatawad siya." Sila ay nagsabi: O Sugo ng Allah! Kami ba ay magtatamo ng gantimpala sa mga hayop? Siya ay nagsabi: "Oo, sa lahat ng may sariwang atay [o buhay] ay may gantimpala."*** Al-Bukhari - Hadith Bilang: [2234]

At maging ang pagmamalupit sa mga ito sa pamamagitan ng pagkulong o pagpapahirap ay ginawa ring mga kadahilanan ng pagpasok sa Impiyerno.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"May isang babaeng pinagmalupitan ang isang pusa sa pamamagitan ng pagkulong hanggang sa namatay ito. Kaya ng dahil dito, siya ay nakapasok sa Apoy (Impiyerno). Hindi niya pinakakain ito, at hindi rin niya ito pinaiinom habang ito ay nakakulong, ni hindi rin niya pinabayaan itong manginain ng mga insekto ng lupa."*** Al-Bukhari - Hadith Bilang: [3295]

Kung ganito na lamang ang habag ng Islam sa mga hayop, ano kaya sa palagay mo kung para sa tao na siyang binigyan ng Allah ng kahigtan at karangalan sa lahat ng mga nilalang.

## ANG SINASABI NILA TUNGKOL SA ISLAM

Si Jack S. Restler ay nagsabi sa kanyang aklat na pinamagatang ***"Ang Kulturang Arabiano"***: Katotohanan, ang Islam ay maaring bigyan ng tatlong magkakaibang kahulugan: Ang una ay relihiyon at ang pangalawa ay bansa at ang ikatlo ay kaalaman. Sa madaling salita. Ito ay Isang Bukod-tanging Kabihasnan.

## SINO SIYANG MENSAHERO NG ISLAM?

Siya si Abu al-Qasim, Muhammad ibn Abdullah ibn Abdul Muttalib ibn Hashim mula sa tribong Quraish na isang arabo, nagtatapos ang kanyang lahi kay Adnan na anak ni Ismail ang Propeta ng Allah na anak ni Ibrahim na

[tinaguriang] Khalilullah (matalik na kaibigan ng Allah) - nawa ang kapayapaan ay maitampok sa kanilang dalawa - At ang kanyang ina ay si Aminah na anak ni Wahb at nagtatapos din ang lahi nito kay Adnan na anak ni Ismail ang Propeta ng Allah na anak ni Ibrahim. Siya ay ipinanganak noong taong 571 A.D. sa Makkah, na itinuturing na isang tampukang panrelihiyon sa kapuluan ng mga arabo na kung saan ay matatagpuan dito ang sagradong Ka'bah na pinatayo ni Propeta Ibrahim at ng kanyang anak na si Propeta Ismail. Siya [si Muhammad] ay nakilala sa pagitan ng kanyang mamamayan sa katawagang *Al-Ameen* (ang mapagkakatiwalaan), nakaugalian na nilang iniiwan sa kanya ang kanilang mga mahahalagang ari-arian at ipinagkakatiwala sa kanya ang kanilang mga ipinatatagong bagay kapag nais nilang maglakbay, at siya ay nakilala rin sa pagitan nila ng pagkamatapatin pagkatapos nilang mapatunayan mula sa kanya ang katotohanan ng kanyang mga sinasabi at pananalita. Walang ni isa mang nakipagkasundo sa kanya na kanyang pinagtaksilan, ni nagsinungaling, nanluko o nanlinlang, sapagka't ang hangad niya ay ang kabutihan ng sangkatauhan. Sa apat na pung taong gulang niya; siya ay nagsimulang tumanggap ng Kapahayagan [mula sa Allah] at kaagad niyang ibinalita ito sa kanyang asawang si Khadijah [Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah]. At sa kanya ay nagsabi: ***"Tunay na ako ay natatakot para sa aking sarili."*** Si

Khadijah ay nagsabi: Aba'y huwag, sumpa man sa Allah, hinding hindi ka bibigyan ng Allah ng kahihiyan. Tunay na iyong pagtibayin ang pagkakamag-anakan, akuin ang mga pasanin, tulungan ang naghihikahos, kagiliwan ang panauhin, at damayan ang dinapuan ng kasawiang-palad." Al-Bukhari - Hadith Bilang: [03]

Siya ay nanatili sa Makkah sa loob ng labintatlong taon, inanyayahan niya ang mga tao dito sa Kaisahan ng Allah, at pagkaraan ay lumikas siya patungo sa Madinah at inanyayahan din ang mga mamamayan nito sa Islam at agad naman nilang tinanggap ang Islam. At pagkaraan ay ipinahayag sa kanya ng Allah ang kabuuan ng batas ng Islam. Kaya malaya niyang nasakop ang Makkah pagkalipas ng walong taon simula ng kanyang paglikas, at siya ay binawian ng buhay sa edad na animnapu't tatlong taong gulang pagkatapos na maipahayag sa kanya ang Qur'an nang ganap at nabuo ang mga Batas ng Islam, at yumakap na rin ang mga arabo sa Islam.

## ANG SINASABI NILA TUNGKOL KAY MUHAMMAD

Si Dr. G. Lebon ay nagpahayag sa kanyang aklat na pinamagatang ***"Ang Kultura ng Mga Arabo"***: Kung ang kadakilaan ng mga gawa ng mga kalalakihan ay nasusukat sa halaga ng kanilang pagkalalaki, si Muhammad ang pinakadakilang lalaki na kinilala ng kasaysayan. At sa

katunayan, si Muhammad ay itinuturing ng mga Pantas ng taga-kanluran na isang taong makatotohanan, bagama't ang bulag na pagkiling sa relihiyon ay nalilingat sa napakaraming manunulat ng kasaysayan na kumikilala sa kadakilaan niya.

Si Dr. Michael H. Hart ay nagpahayag din sa kanyang aklat na pinamagatang ***"Isang Pagsasaliksik sa Mga Unang Siglo"***: Tunay na ang pagpili ko kay Muhammad bilang siya yaong nangunguna sa hanay ng mga taong may dakilang epekto sa mundo sa magkakaibang aspeto ay maaaring makagitla sa maraming mambabasa at maaari ring usisain ng iba….Subali't sa aking paniniwala, si Muhammad ang tanging lalaki sa kasaysayan na may pinakamatayog na tagumpay sa dalawang antas; ang pangrelihiyong kaantasan at pangkamunduhang kaantasan.

# ANO ANG QUR'AN?

Ito ang Sangguniang Batas ng mga Muslim na pinagkukunan nila ng mga aral o katuruan na nagsasaayos sa kanilang mga kalagayan maging pangrelihiyon o pangkamunduhan. At ito ay naiiba sa mga naunang pangkalangitang kasulatan sa mga sumusunod na kadahilanan:

- Ito ang huling ibinaba na pangkalangitang kasulatan. Kung kaya't ipinangako ng Allah na Kanyang pangangalagaan ito hanggang sa Araw ng Pagkabuhay Muli.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Katotohanan, Kami ang nagbaba ng Dhikr (Qur'an) at tunay na Aming pangangalagaan ito}.*** Qur'an 15:09

❁ Nasasaklawan nito ang lahat ng mga batas na nagtataguyod at nagtatatag sa mahusay na sambayanan at gumagarante sa mga karapatan ng lahat ng tao.

❁ Itinuturing ito na isang mapapanaligang salaysay na nagpapaliwanag sa pagkakasunod-sunod ng pagpapahayag sa Relihiyon sa mga Propeta at Sugo, at sa anumang kaganapang dumatal sa kanila kasama ng kanilang mga mamamayan, simula kay Adam at magtatapos kay Muhammad ﷺ.

❁ Ipinahayag ito para sa lahat ng sangkatauhan upang sila ay magtamasa ng kaligayahan, kapanatagan at katiwasayan ng paninirahan at upang sila ay hanguin mula sa hanay ng mga kadiliman tungo sa liwanag.

❁ Ito ay isa sa mga pinanggagalingan ng pagtaguyod sa pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pagbabasa, pagsasaulo at pagtuturo nito.

## ANG SINASABI NILA TUNGKOL SA QUR'AN

Si W. Durant ay nagpahayag sa kanyang aklat na pinamagatang ***"Ang Kasaysayan ng Kabihasnan"***: Ang Qur'an ay nagpapausbong sa mga kalooban ng

pinakasempling mga paniniwala, kaunti lamang ang malabo, malayung-malayo sa pagtatakda ng mga seremonya at pagdiriwang, pinakamahigpit at pinakamatindi sa pagtatakwil ng mga imahen at pagka-pari. At sa katunayan, siya ay nagkamit ng dakilang karangalan sa pagtataas ng antas ng mga muslim sa pangkaugalian at pangkaalamang kaantasan, at siya ang nagtatag sa kanila ng mga saligang panlipunang patakaran at samahang nagkakaisa. Bagkus, iniingganyo niya sila sa pagsunod sa mga panuntunang pangkalusugan, at ginawang dalisay ang kanilang mga kaisipan mula sa napakaraming lihis na mga katuruan at mga haka-haka, sa pakikiapid at pagmamalupit, at pinaganda rin niya ang mga kalagayang antas ng mga alipin at pinausbong niya sa mga puso ng mga hamak ang karangalan at kataasan. At pinangyari rin niya sa pagitan ng mga muslim ang antas ng katarungan at ang pagtakwil sa mga pithaya, kaya walang matagpuang makatutulad nito saan mang lupalop ng kalupaan sa mundo na tinitirahan ng mga mapuputing tao. AH. 42

## ANG ISLAM AT ANG KAALAMAN

Ang pananampalatayang Islam ay masugid na nag-aanyaya sa kaalaman at nag-iinganyo sa pagsasaliksik at pagpapalago nito. Kaya nilait nito ang kamangmangan at nagbigay ng babala hinggil dito.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Itinataas ng Allah yaong***

***mga nagsisampalataya sa inyo at yaong pinagkalooban ng kaalaman sa matataas na antas}.*** Qur'an 58:11

Bagkus ang pagtahak sa pagsasaliksik ng kaalaman, sa pag-aaral at pagtuturo nito ay isa sa mga dahilan o daan na maghahatid sa tao patungong Paraiso.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Ang sinumang tumahak ng isang landas sa pagsasaliksik dito ng kaalaman, sa kanya ay pagagaanin ng Allah ang isang landas patungong Paraiso…."*** Ibn Hibban - Hadith Bilang: [88]

Samakatuwid, ipinagbabawal ang ipaglihim ito, sapagka't ito ay karapatan ng lahat.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Ang sinumang naglihim ng isang kaalaman, siya ay kakabisadahan ng Allah sa Araw ng Pagbabangong Muli ng kabisada na apoy."*** Ibn Hibban - Hadith Bilang: [96]

Ang Islam ay nagbibigay parangal sa isang taong may angking kaalaman. Kaya ipinag-uutos nito ang pagparangal sa kanya at paggalang.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Hindi kabilang sa aking mga tagasunod ang sinumang hindi marunong gumalang at dumakila sa aming mga matatanda, at hindi nagmamahal sa aming mga kabataan at hindi nakakaalam ng karapatan ng aming mga pantas."*** Imam Ahmad - Hadith Bilang: [22807]

Ang Sugo ng Allah ay nagpaliwanag tungkol sa kinalalagyang antas ng isang pantas ayon sa kanyang sinabi: ***"Ang kalamangan ng isang pantas sa isang tagapaglingkod ay katulad ng aking pagkalamang sa pinakamababa sa inyo."*** At-Tirmidhi - Hadith Bilang: [2685]

## ANG ISLAM AT ANG KAYAMANAN

Ang lahat ng kayamanan ay pagmamay-ari ng Allah. Samakatuwid, ang mga ito ay ipinagkatiwalang bagay lamang sa isang lingkod at isang pananagutan, kaya marapat lamang na ito ay kinikita sa paraang marangal at pinahihintulutan ng Islam, at gayundin naman na ang paggugol dito ay para sa mga bagay na pinahihintulutan din ng Islam tulad ng paggugol sa kanyang sariling kapakanan at sa sinumang karapat-dapat paggugulan nito nang walang paglulustay at pagmamalabis.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Hindi maiangat ang dalawang talampakan ng isang alipin [mula sa kanyang kinaroroonan] sa Araw ng Pagkabuhay Muli hangga't hindi naitatanong sa kanya; ang tungkol sa kanyang edad kung saan niya ito winakasan, ang tungkol sa kanyang kaalaman kung ano ang ginawa niya rito, at ang tungkol sa kanyang kayamanan kung saan niya ito kinita at kung saan niya ito ginugol, at ang tungkol sa kanyang katawan kung saan niya ito inagnas."*** At-Tirmidhi - Hadith Bilang: [2417]

Bagkus, pagsikapan din itong gugulin sa mga mabubuting gawa.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Hindi kabutihan na iharap ninyo ang inyong mukha sa dakong silangan at kanluran, bagkus ang kabutihan ay nasa kanya na naniwala sa Allah at sa Huling Araw, at sa mga anghel, at sa Aklat, at sa mga Propeta; at namamahagi ng kayamanan sa kabila ng masidhing pagmamahal niya rito sa malapit niyang mga kamag-anak, sa mga ulila, sa mga dukha, sa manlalakbay, sa mga nagmamalimos, at sa pagpapalaya ng mga alipin}.*** Qur'an 2:177

## ANG ISLAM AT ANG BABAE

Sa Islam ang pagpaparangal at paggalang sa babae ay isang palatandaang nagpapatunay sa kawastuhan, kaganapan at kabutihan ng personalidad.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Ang pinakamabuti sa inyo ay yaong pinakamahusay [makitungo] sa kanilang mga kababaihan."*** Ibn Hibban - Hadith Bilang: [4176]

Ito ang siyang pangunahing tungkulin ng isang lalaki sa pagtataguyod ng kabanalan, at ng ugnayang pagkakamag-anak at ng paghahandog ng kabutihan.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi sa isang lalaking nagtanong sa kanya tungkol sa kung sino sa mga tao ang higit niyang dapat pakisamahan nang mahusay? Siya ay nagsabi: ***"Ang***

***iyong ina." Siya [ang lalaki] ay nagsabi: Pagkaraan, sino pa po? Siya ay nagsabi: "Ang iyong ina." Siya [ang lalaki] ay nagsabi [ulit]: At sino pa po ang kasunod? Siya ay nagsabi: "Ang iyong ina." Siya [ang lalaki] ay [muling] nagsabi: At sino pa po ang susunod? Siya ay nagsabi: "Ang iyong ama."*** Al-Bukhari - Hadith Bilang: [5626]

Sa Islam ang babae ayon sa pagpapahayag ng Sugo ng Allah, siya ay nagsabi: ***"Katotohanan, ang mga kababaihan ay katulad [o kapantay] ng mga kalalakihan."*** Abu Daud -Hadith Bilang: [236]

## Ito ay batay sa mga sumusunod na kadahilanan:

1. Ang babae ay katulad ng lalaki sa pagkatao, at hindi siya ang pinagmulan ng minanang kasalanan, at hindi rin siya ang dahilan ng pagtaboy kay Adam mula sa Paraiso.
2. Ang babae ay katulad din ng lalaki sa pagpapatupad ng mga Islamikong Batas na kung saan ay inubliga rin siya ng katulad ng inubliga sa lalaki.
3. Ang babae ay katulad din ng lalaki, siya ay may sariling personalidad. Kung kaya hindi napapalitan ang kanyang pangalan at ng kanyang pamilya dahil lamang sa kanyang pag-aasawa na kung saan ay iaanib sa katauhan ng kanyang asawa.
4. Ang babae ay katulad din ng lalaki sa pagkatanggap ng gantimpala o kaparusahan maging sa pangkamunduhan at pangkabilang buhay.

5. Ang babae ay katulad din ng lalaki sa pangangalaga ng kanyang puri at pagpapahalaga ng kanyang karangalan.
6. Ang babae ay katulad din ng lalaki na mayroon ding karapatang tumanggap ng pamana na kanyang mamanahin.
7. Ang babae ay katulad din ng lalaki na may ganap na kalayaang mangasiwa sa sarili niyang kayamanan.
8. Ang babae ay katulad din ng lalaki sa pagpasan ng katungkulang pangalagaan ang kapakanan ng lipunan.
9. Ang babae ay katulad din ng lalaki na may karapatang magpalago ng kaalaman at edukasyon.

## ANG ISLAM AT ANG MGA DI-MUSLIM.

Sa bansang Islam ang mga di-muslim na nakikipagkasundo sa pamahalaan, ang kanilang dugo, ari-arian at puri ay ligtas [at bawal lapastanganan]. Samakatuwid walang pandaraya at pag-aalipusta laban sa kanila, at wala ring pagbabawas sa kanilang mga karapatan, o sila ay pakitunguhan ng masama.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Kayo ay hindi pinagbabawalan ng Allah sa kanila na hindi nakipaglaban sa inyo nang dahil sa relihiyon at hindi nagtaboy sa inyo mula sa inyong mga tahanan, na inyong pakitunguhan sila nang mabuti at makatarungan. Katotohanan, minamahal ng Allah ang mga mapaggawa ng katarungan}.*** Qur'an 60:08

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Katiyakan, ang sinumang gumawa ng kawalang katarungan sa isang [taong] nakipagkasundo, o kumamkam ng kanyang [mga karapatan], o nagpataw sa kanya ng tungkuling higit sa kanyang kakayahan, o kumuha ng isang bagay mula sa kanya ng di bukal sa kanyang kalooban. Sa gayon ako ang kanyang magiging katunggali sa Araw ng Pagkabuhay Muli - at itinutok ang kanyang daliri sa kanyang dibdib - Katiyakan, ang sinumang pumaslang ng isang [taong] nakipagkasundo na nasa ilalim ng pananagutan ng Allah at ng Kanyang Sugo. Sa kanya ay ipagkakait ng Allah ang simoy ng Paraiso. At tunay ngang ang simoy nito ay matagpuan kahit sa layo ng pitumpung taong lalakarin."*** Al-Baihaqi - Hadith Bilang: [18511]

## ANG ISLAM AT ANG DIGMAAN

Sa Islam, ito ang tinatawag na **JIHAD**; ang pangkalahatang konsepto nito ay ang masugid na pakikipagtunggali sa sarili sa pamamagitan ng pagpipilit nito sa pag-iwas ng mga ipinagbabawal at pagsasagawa ng mga ipinag-uutos sa abot ng makakaya ng may paghahangad sa kaluguran ng Allah.

Ang pansariling konsepto nito ay ang pakikipaglaban upang maipalaganap at maiparating ang relihiyon ng Allah sa lahat ng sangkatauhan. Ang konseptong ito ay hindi isang makabagong kautusan mula sa pananampalatayang

Islam, bagkus ito ay matatagpuan din sa lahat ng mga naunang Batas na Pangkalangitan.

**Samakatuwid, ang Jihad [o pakikipaglaban] ay may dalawang uri:**

1. **Pakikipaglaban Dahil sa Pagtatanggol:**

Ito ay ang pakikipaglaban sa sinumang nang-aalipusta at namiminsala sa mga Muslim o sa kanilang mga lupain. Ang ganitong konsepto ay lehitimong katungkulan ng lahat ng tao sa kabila ng kanilang pagkakaiba sa pananampalataya at relihiyon.

2. **Pakikipaglaban Dahil sa Tawag ng Pangangailangan:**

Ito ay ang pakikipaglaban upang pawiin ang batas ng mga [taong] nagsisipagharang sa harap ng taong nagpapalaganap ng Islam sa sangkatauhan, at ng mga [taong] nagpapataw ng kaparusahan sa taong nananampalataya rito, at ng mga naghahadlang sa taong nais pumasok dito.

At tungkol naman sa digmaan na pananakop, o digmaan na paghihiganti, o pagpapakita ng kagalingan sa pamamagitan ng lakas. Ito ay tunay na ipinagbabawal ng Islam.

Sa Islam ang ***Jihad*** ay may mga panuntunan at magagandang asal, samakatuwid ang mga bihag ng digmaan at ang mga nagapi mula sa iba't ibang nasyon, sila ay may mga karapatan at pananagutan.

Sa sinumang nais magkaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa Jihad, mangyaring sumangguni na lamang sa mga aklat na tumatalakay hinggil dito.

## ANG ISLAM AT ANG KAPALIGIRAN

Ipinag-uutos ng Islam na pangalagaan ang lahat ng kapaligiran at na huwag itong dumihan maging sa anupamang kaparaanan o pakikitungo, at ito ay sa pamamagitan ng:

1. Paghihikayat sa pagtatanim ng mga punong-kahoy na kapaki-pakinabang.

   Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Walang Muslim na nagtanim ng isang halaman o naghasik ng isang butil, at pagkaraan ay kinain ito ng isang ibon, ng isang tao o isang hayop kundi para sa kanya ay nakapag-alay siya ng isang Sadaqah (kawanggawa) sa pamamagitan nito."*** Al-Bukhari - Hadith Bilang: [2195]

2. Pag-iingganyo sa pagtatanggal o pag-aalis ng lahat ng bagay na nakapipinsala.

   Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"At ang pag-aalis ng nakapipinsalang bagay sa daanan ay isang Sadaqah (kawanggawa)."*** Al-Bukhari - Hadith Bilang: [2827]

3. Paghihikayat sa isang taong may karamdaman na umiwas makihalu-bilo upang mapigilan ang paglaganap

ng mga sakit at salot (peste) sa ibang kalipunan bilang pangangalaga sa buhay ng ibang tao.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Kapag nakarinig kayo ng isang salot [o peste] sa isang bayan, huwag kayo pumasok dito, at kapag ito'y dumatal sa lugar na inyong kinaroroonan, huwag kayong lumabas mula rito."*** Al-Bukhari - Hadith Bilang: [5396]

4. Pagbabawal sa pagpaslang ng mga hayop at ibon nang walang kabuluhan.

   Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Sinuman ang pumatay ng isang ibon ng walang dahilan, ito ay sisigaw nang malakas sa harapan ng Allah sa Araw ng Pagbabangong Muli na nagsasabi: O Panginoon! Ako ay pinatay ni ginoo ng walang dahilan, bagkus hindi niya ako pinatay upang pakinabangan."*** Ibn Hibban - Hadith Bilang: [5894]

5. Ang pagbabawal sa pagdumi ng kapaligiran sa lahat ng uri at paraan nito.

   Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Katakutan ninyo ang dalawang [taong] kasumpa-sumpa. Sila [ang kanyang mga kasamahan] ay nagsabi: At ano po yaong dalawang kasumpa-sumpa, O Sugo ng Allah? Siya ay nagsabi: "Yaong nagdudumi sa daanan ng mga tao, o sa kanilang lilim (silungan)."*** Muslim - Hadith Bilang: [269]

## ANG ISLAM AT ANG KALINISAN

### Ang Islam ay Relihiyon ng Kalinisan,

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{O angkan ni Adam! Isuot ang inyong palamuti (magarang kasuutan) sa bawa't mosque (sa bawa't pagdarasal), kumain kayo at uminom, at huwag kayong magmalabis. Katotohanan, hindi Niya minamahal ang mga mapagmalabis}.*** Qur'an 7:31

### At Relihiyon ng Kadalisayan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Katotohanang minamahal ng Allah yaong laging nag sisisi at yaong mga nagpapakadalisay}.*** Qur'an 2:222

Samakatuwid, ang pagiging malinis ay isa sa mga kondisyon ng pagkakatanggap ng Salah na siyang isinasagawa ng isang muslim nang limang beses sa loob ng isang araw (24 oras). At bukod dito, itinatagubilin din bilang isang tungkulin ang pagligo dahil sa ***Janabah*** (pagkatapos makipagtalik sa asawa atbp.). Bagkus, ito ay itinatagubilin din bilang isang kaaya-ayang gawain para sa ilang simbulo ng relihiyong Islam tulad sa araw ng Biyernes, sa dalawang araw ng Eid, sa Hajj at Umrah, at itinatagubilin din ang paghuhugas ng dalawang kamay bago kumain at pagkatapos nito.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Ang biyaya ng pagkain***

***ay ang [pagsasagawa ng] Wudu (paghuhugas) bago at pagkatapos nito."*** At-Tirmedhi - Hadith Bilang: [1846]

**At maging maagap sa paglilinis ng bibig at ngipin,**

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Kung di lamang nagpapahirap sa aking mga tagasunod, tunay na aking ipag-uutos sa kanila ang Siwak (panlinis ng ngipin) sa bawa't Salah."*** Muslim - Hadith Bilang: [252]

**At sa pag-aalis at paglilinis ng anumang bagay na maaaring paglunggaan ng mga insekto at pagtitipunan ng maruruming bagay.**

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Ang Fitrah [o ang kalikasan] ay lima. Ang pagtutuli, pag-aahit ng balahibo sa masilang bahagi ng katawan, pagbunot ng balahibo sa kili-kili, paggupit ng begoti at pagpuputol ng mga kuko."*** Al-Bukhari - Hadith Bilang: [5939]

## ANG PAG-AALIPUSTA SA ISLAM,.... BAKIT?

Kung bibigyan natin ng pansin ang kalagayan ng mga relihiyon sa buong mundo, ating matatagpuan na ang Islam lamang ang tanging nag-iisang relihiyon na inaalipusta at tinutuligsa. At bakit nga ba inaalipusta at tinutuligsa ito?

1. **Sapagka't ito ay makatotohanang Relihiyon; na tumutuligsa sa pagsamba at pagpapakaaba sa iba bukod sa Allah.**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Sabihin [O Muhammad]: Ako ba'y inyong pinag-uutusan na sumamba [sa iba] bukod sa Allah, O kayong mga mangmang}.*** Qur'an 39:64

**2. Sapagka't ito ay Relihiyon ng kawastuhan.**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Kaya ibaling mo [O Muhammad] ang iyong mukha tungo sa Pananampalatayang (Islam) na nahihilig sa Katotohanan. Ang likas na pamamaraan ng paglikha ng Allah, na sa gayunding paraan nito ay Kanyang nilikha ang [lahat ng] mga tao. Walang pagpapalit [o pagbabago] sa likha ng Allah. Ito ang matuwid na Pananampalataya, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi nakakaalam}.*** Qur'an 30:30

**3. Sapagka't ito ay makatarungang Relihiyon.**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Katotohanan, ang Allah ay nag-uutos ng katarungan, ng mabuting pakikitungo [sa kapwa], at ng pagbibigay [ng tulong] sa malapit na mga kamag-anak, at nagbabawal ng [lahat ng uri ng] kahalayan, kasamaan at paniniil. Kayo ay Kanyang pinaalalahanan baka sakaling makaalaala kayo}.*** Qur'an 16:90

**4. Sapagka't ito ay Relihiyon na nagtutuwid at nagwawasto.**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At sila ay naghahasik ng kasamaan sa kalupaan. At ang Allah ay hindi nagmamahal sa mga [taong] naghahasik ng kasamaan}.*** Qur'an 5:64

**5. Sapagka't ito ay Relihiyon ng kapayapaan.**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{Kaya makipaglaban kayo sa Landas ng Allah sa mga yaong nakikipaglaban sa inyo, at huwag kayong lumagpas ng hangganan. Katotohanan, ang Allah ay hindi nagmamahal sa mga lumalagpas ng hangganan}.*** Qur'an 2:190

**6. Sapagka't ito ay katamtaman na Relihiyon.**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At gayon nga Namin kayong ginawa na isang makatarungang Ummah (pamayanan) upang kayo ay maging mga saksi sa sangkatauhan, at ang Sugo [na si Muhammad] ay maging saksi sa inyo}.*** Qur'an 2:143

**7. Sapagka't ito ay Relihiyon ng kadalisayan.**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At huwag kayong lumapit sa pakikiapid [o pangangalunya]. Tunay na ito ay isang karumal-dumal na gawain at napakasamang landas}.*** Qur'an 17:32

**8. Sapagka't ito ay Relihiyon ng pagtutulungan at pagdadamayan, na tumutuligsa sa mga taong**

**mapagsamantala sa pangangailangan at kahinaan ng ibang tao.**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{At huwag ninyong kamkamin ang inyong mga yaman sa pagitan ninyo sa pamamagitan ng di-makatarungan at isusuhol ninyo ito sa mga hukom upang inyong makamkam ang ilang bahagi ng mga yaman ng mga tao nang may pagkakasala, samantalang inyong nalalaman}.*** Qur'an 2:188

9. **Sapagka't ito ay Relihiyon ng pagkakapantay-pantay, na tumutuligsa sa kalikasan ng pagkakaibang uri ng mga tao.**

   Ang Dakilang Allah ay nagsabi: ***{O Sangkatauhan! Katotohanang nilikha Namin kayo mula sa lalaki at babae, at ginawa Namin kayong iba't ibang mga bansa at tribo, upang inyong makilala ang isa't isa. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa Allah ay yaong may banal na takot sa inyo. Katotohanan, ang Allah ay Nakaaalam, Nakababatid}.*** Qur'an 49:13

IslamHouse.com

IslamHouseTl islamhouse.com/tl/ islamhouse.com/tl/

user/IslamHouseTl

For more details visit
www.GuideToIslam.com

GUIDE TO ISLAM

contact us :Books@guidetoislam.com

GuidetoIslam.org Guidetoislam1 Guidetoislam www.Guidetoislam.com

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة


هاتف: ٩٦٦١١٤٤٥٤٩٠٠+ فاكس: ٩٦٦١١٤٩٧٠١٢٦+ ص ب: ٢٩٤٦٥ الرياض: ١١٤٥٧

ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 TEL: +966 11 4454900 FAX: +966 11 4970126

# ANG ISLAM… BAKIT?

Sa aklat na ito, ang may akda ay nagsasalaysay tungkol sa mga prinsipyo ng Islam, nagsimula sa pagpapaliwanag sa mga saligan ng Islam at sa mga saligan ng Iman at pagkatapos nito ay ipinahayag ang mga kabutihan ng pananampalatayang ito at pagkatapos ay binanggit ang mga pahayag ng ilan sa mga dalubhasa sa silangan tungkol sa katotohanan ng Islam, sa pagiging propeta ni Muhammad at sa pagkapahayag ng Banal na Qur'an.





IslamHouse.com
OsoulCenter
www.osoulcenter.com